## KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 08-028

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG SEKSIYON 2(B) NG KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 96-80, NA MAY TITULONG, "KAUTUSAN NA NAG-AATAS SA LAHAT NG KOMPANYA/BAHAY KALAKAL NA NAGNENEGOSYO SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA NA SA PAGTANGGAP NG KARANIWANG KAWANI (RANK AND FILE) NA HINDI BABABA SA PITUMPUNG PORSIYENTO (70%) NG MANGGAGAWA AY DAPAT RESIDENTE NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA".**

*******************************************************************************************

Ipinanukala ni: ***Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo***
Kasamang Nagpanukala: ***Kgg. Kon. Allen F. Ampaya***
***Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Kon. Ma. Luisa Babaran-Echavez, M.D***
***Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, M.D***
***Kgg. Kon. Melchor R. Teves***
***Kgg. Kon. Mggl. Icasiano M. dela Rea***
***Kgg. Kon. Ermie S. Espeleta***
***Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang***
***Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Kon. Luvi P. Constantino***
***Kgg. Kon. Inhr. Marissa Cole-Rongavilla***
***Kgg. Kon. Inhr. Memerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday***
***Kgg. Kon. Robert A. Abas***
***Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay***
***Kgg. Kon. Cezar V. Pagkalinawan***

*******************************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng Seksiyon 16 ng Local Government Code, ay nagtatakda na ang bawat Pamahalaang Lokal ay nararapat na magpatupad ng mga kinakailangang kapangyarihan na makakatulong sa pag-unlad ng kabuhayan at magtaguyod ng hanap-buhay, pag-eempleyo at pagkakakitaan para sa mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** hiniling ng Tanggapan ng Pahintulot at Lisensiya na maamyendahan ang Seksiyon 2(b) ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-080;

**SAPAGKAT,** isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na matulungan ang taga-lungsod na magkaroon ng hanapbuhay;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay patuloy ang pagdagsa at pagdami ng mga kompanya/bahay kalakal sa Lungsod ng Muntinlupa na nangangailangan ng mga pangkaraniwang kawani ***(rank and file)*** at bihasang manggagawa ***(skilled worker)***,

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN AT PINAGPASYAHAN PANG MULI,** ng ***ika-5 Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** Na inaamyendahan ang **Seksiyon 2(B)** na nagsasaad ng ganito:

> ***Seksiyon 2: Saklaw ng Kautusan - (b)****. Lahat ng Bahay kalakal/kumpanya na may kabuuang bilang ng mga kawani na* ***sampu (10) o mahigit pa.***

**ay babasahin na ngayon ng ganito:**

> **Seksiyon 2. Saklaw ng Kautusan** - (b) *Lahat ng bahay kalakal na may kabuuang bilang ng mga kawani na lima* ***(5)*** *o mahigit pa.*

**SEKSIYON 2.** Inaatasan ng Kautusang ito na ang Tanggapan ng Ehekutibo ang siyang maghahanda/magsasagawa ng **Pamantayan at Alituntunin** (***Implementing Rules and Regulation)*** **sa pamamagitan ng** Tanggapan ng Public Employment and Services Office (PESO) at koordinasyon sa Tanggapan ng Pahintulot at Lisensiya sa Pangangalakal.

**SEKSIYON 3.** Ang nasabing **Pamantayan at Alituntunin** (*Implementing Rules and Regulation)* ay ibabalik sa Sangguniang Panlungsod para sa kaukulang pag-aaral, pagrerepaso at pag-papatibay.

**PINAGTIBAY,** ng ***ika-5 Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **ika-14** ng **Enero 2008,** sa kanilang ***ika-20 Regular na Sesyon.***

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, MD**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. MELCHOR R. TEVES**
*Miyembro*

**KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Miyembro*

**KON. ERMIE S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. MARITA DEANG-CALALANG, DMD**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. MGGL. REY E. BULAY**
*Miyembro*

**KON. CEZAR V. PAGKALINAWAN**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



***PINATOTOTOHAN KO,*** ang katumpakan ng Kutusang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Legislative Staff Officer*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Punonglungsod*
*Petsa:* __________

***Norie/***